Strengthened Senior High School

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

Gawaing Pampagkatuto sa Pag-aaral ng Kasaysayan at Lipunang Pilipino

CORE SUBJECT



Gawaing Pampagkatuto sa Pag-aaral ng Baitang Kasaysayan at Lipunang Pilipino **11- Termino 2**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng **Strengthened Senior High School Curriculum**. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyales ang karapatang-aring iyon.

Bumuo sa Pagsusulat ng Banghay-Aralin

Manunulat:	Lucha May T. Sidaya, Analyn D. Fabian, Edna C. Lucañas - De Jesus, Jane M. Olaver Herminio B. Paulino Jr., PhD., Eugene P. Mapula Mark Jayson M. Campaña, Maria Teresa A. Portillo Elvin H. Wenceslao, EdD.,
Tagasuring Nilalaman:	Marilou B. Aninion, Marivic P. Ramos, Danilo L. Baraquiel, PhD., Zharon B. Grageda
Konsultant:	Dr. Michael Charleston “Xiao” B. Chua Professor, De La Salle University-Manila
Learning Area Specialist:	Marlon F. Adlit Education Program Specialist Rowell S. Padernal Education Program Specialist Kelvin L. Tolentino Education Program Specialist

Bureau of Learning Delivery
Bureau of Curriculum Development
Bureau of Learning Resources

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa katanungan o puna, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

Sagutan ang form na ito **https://bit.ly/Feedback_LE_LAS_Core** kung mayroon kayong mungkahi o dagdag na tugon tungkol sa LE. Gawing malinaw, tiyak, at may karagdagang detalye upang maging gabay ng National Technical Working Group (NTWG) sa pagrerebisa at pagpapaunlad ng nasabing materyal

Talaan ng Nilalaman

Gawaing Pampagkatuto 1: Mga Anyo ng Pakikibaka at Pakikiangkop sa Pag-Usbong ng Kamalayang Pilipino **1**

Gawaing Pampagkatuto 2: Mga Piling Kolektibong Karanasan ng Pakikibaka Laban sa mga Dayuhan na Nagbunsod ng Kamalayang Pilipino **6**

Gawaing Pampagkatuto 3:
Mga Naging Tugon ng Pilipino sa Kasaysayan **12**

Gawaing Pampagkatuto 4: Mga Piling Kolektibong Karanasan ng Pakikipag-angkop sa Panahon ng Pagsasarili **16**

Gawaing Pampagkatuto 5: Bunga ng Lokal na Elistismo at Diktadurya sa Pagsulong ng Kamalayang Pilipino..... **24**

Gawaing Pampagkatuto 6: Kasalukuyang Anyo ng Pakikibaka at Pakikiangkop . **29**

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	Aralin 1 (Unang Linggo)	**Petsa:**	
Nilalaman:	Mga Anyo ng Pakikibaka at Pakikiangkop sa Pag-usbong ng Kamalayang Pilipino		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain 1

II. Layunin:

1. Natutukoy ang katuturan ng pakikibaka sa paghubog ng pambansang kamalayan.

III. Kagamitan:

Panulat at Papel**,** mga larawan ng mga pakikibaka**,** Mga aklat o artikulo tungkol sa pakikibaka ng mga Pilipino – bilang karagdagang sanggunian.

IV. Panuto: Suriin ang mga larawang makikita sa ibaba at magbigay ng sariling opinyon kung ano ang ipinapakita sa bawat larawan. Isulat ang inyong sagot sa loob ng kahon.



https://www.google.com/url?sa=i&url=https%3A%2F%2Fedtechendeavours.com%2F2019%2F11%2F25%2Fkeeping-the-act-in-social-activism%2F&psig=AOvVaw0rCafujeyfne6M87MiyW1I&ust=1749195068299000&source=images&cd=vfe&opi=89978449&ved=0CBcQjhxqFwoTCJDL8sTh2Y0DFQAAAAAdAAAAABAE



https://philippinerevolution.nu/2022/11/07/puspusang-isulong-ang-pakikibaka-para-sa-umento-sa-sahod/



https://philippinerevolution.nu/2022/11/07/puspusang-isulong-ang-pakikibaka-para-sa-umento-sa-sahod/



https://uplbperspective.wordpress.com/2024/02/29/sa-ngalan-ng-pananampalataya-at-pakikibaka/

I. Gawain 2

II/III. Layunin/Kagamitan: *Refer to Gawain 1*

IV. Panuto: *Basahin at unawain ang habi ng kaisipan na makikita sa ibaba at punan ang mga patlang ng impormasyon ukol sa aspeto at detalye nito bilang indibidwal na gawain.*

Sa mahabang panahon ng kolonyalismo sa Pilipinas, hindi kailanman nawalan ng tinig at lakas ang mga Pilipino sa paglaban para sa Kalayaan. Sa kabila ng matinding pagsupil ng mga dayuhang mananakop, namayani ang diwa ng pakikibaka sa iba't-ibang anyo-mula sa armadong rebolusyon, mapayapang paglaban, hanggang sa paggamit ng panitikan at sining. Ang mga anyong ito ng pakikibaka ang naging mitsa sa pag-usbong ng pambansang kamalayan at pagmamahal sa bayan.

Mga Anyo ng Pakikibaka:

1. Armadong Pakikibaka:
- isa sa pinakamatinding anyong pagtutol ng mga Pilipino laban sa mga Kolonyal na kapangyarihan

- ***Himagsikang Pilipino (1896-1898)***
  -Pinangunahan ng Katipunan ni Andres Bonifacio upang wakasan ang pananakop ng Espanya.
- ***Digmaang Pilipino-Amerikano (1899-1902)***
  -laban sa bagong mananakop matapos ang Espanya.
- ***Rebolusyong Dagohoy (1744-1829)***
  -Pinakamahabang pag-aalsa sa kasaysayan, naganap sa Bohol.

2. Kultural at Intelektuwal na Pakikibaka
-ginamit ng mga Ilustrado at iba pang iskolar ang panulat at sining upang gisingin ang damdaming Makabayan

- ***Mga akda ni Rizal****- Noli Me Tangere at El Filibusterismo*
- ***Kababaihan sa Panatikan****- nagpahayag ng damdaming makabayan at panlipunan.*

3. Mapayapang Pakikibaka at Diplomasya
-Piniling gamitin ang diplomasya sa halip na dahas:

- *Apolinario Mabini at Manuel l. Quezon- gumamit ng dayalogo't petisyon upang isulong ang Kalayaan.*

4. Panlipunang Pakikibaka
-pagkilos laban sa panlipunang diskriminasyon, pang-aabuso, at kawalan ng Karapatan:

- *Kilusang Sakdalista (1930s)- nagprotesta laban sa kolonyal na pamahalaan ng Amerika.*

5. Gerilyang Pakikibaka
-Isinasagawa sa pamamagitan ng taktika ng hit-and-run at gerilyang digmaan.

- *Pakikibaka ng mga Moro- laban sa pananakop ng Espanya upang mapanatili ang Kalayaan at relihiyon.*

6. Pakikibaka sa panahon ng Batas Militar

- *Armadong Kilusan sa kanayunan-lumaban sa diktadura ni Marcos upang igiit ang demokrasya.*
- *Alliance of Concerned Teachers. n.d. Educational Modules on Civic Education. ACT Philippines*
- *Chua, Michael Charleston "Xiao" B. 2024. Xiao Time: Mga Dakilang Pilipino Vols 1and 2.*
- *City of San Fernando: Amlat Publishing and Project Saysay, 2024.*
- *Constantino, Renato. 1975. The Philippines: A Past Revisited.Manila: tala Publishing Services.*
- *David, Randy. 2007. Public Lives. Mandaluyong City: Avil Publishing*
- *Malay, Carolina S., and Ma. Cristina V. Rodriguez, ed. Ang Mamatay Nang Dahil Sayo: Heroes and Martyrs of the Filipino People in the Struggle against the Dictatorship, 1972-1986. Vols 1 and 2. Manila: National Historical Commission of the Philippines, 2015-2016.*
- *Mojica, Proculo L. Terry's Hunters: The true Story of the Hunters ROTC Guerrillas. Manila: Benipayo Press, 1965.*
- *Quirino, Carlos. Filipinos at War. Manila: Vera-Reyes, 1981.*
- *Schumacher, John N. The Propaganda Movement, 1880-1895: The Creation of Filipino Consciousness, the Making of the Revolution. Rev. ed.Manila: Ateneo de Manila University Press, 1997.*
- *Teodoro, Luis V. 2008. Serve the People: Ang Kasaysayan ng Radikal na Kilusan na Unibersidad ng Pilipinas. Quezon City: IBON Foundation, 2008*
- ***DepEd. 2019.*** Basic Education Curriculum Guide. *Accessed June 2026. https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2019/01/apcg.pdf.*
- ***YouTube. 2026.*** *"Video Resource." YouTube video, accessed June 2026. https://m.youtube.com/watch?v=O4fAwRRXCQE*
- *Isusulat ng mga mag-aaral ang mahahalagang kaisipan na kanilang nabasa sa teksto.*
- *Matapos nito ay padadaluyin ng guro ang pagsagot sa pamprosesong tanong.*

ASPEKTO	***DETALYE***
Paksa	
Mga Anyo ng Pakikibaka	
Layunin ng Pakikibaka	
Epekto sa Kamalayang Pilipino	
Kabuuang Kahalagahan	

I. Gawain 3: ***OPSYON 1: Gabay sa Malikhaing Sanaysay "Ang Mukhang ng Pakikibaka"***

II. Layunin: *Nasusuri ang katuturan ng pakikibaka sa paghubog ng pambansang kamalayan.*

III. Mga kagamitang Kailangan: Panulat at Papel**,** teksto hinggil sa Obra bilang sandata ng Pakikibaka**,** Mga aklat o artikulo – bilang karagdagang sanggunian.

IV. Panuto: Basahin at unawain ang tekstong makikita sa ibaba. Sumulat ng isang sanaysay na may malinaw na simula, gitna, at wakas. Gamitin ang masining na wika at mga tayutay upang lalong maging makulay at makahulugan ang iyong akda

Obra Bilang Sandata sa Pakikibaka: Isko't Iska

Isang dulaang pagtatanghal na inilantad ang mga kasalukuyang isyung panlipunan gaya ng edukasyon, red tagging, karapatan ng LGBTQ+, at reporma sa lupa. Ipinapakita rito kung paano ginagamit ang sining bilang paraan ng pakikibaka para sa karapatan at kawalang katarungan.

https://www.plaridel.ph/index.php/2021/03/06/obra-bilang-sandata-sa-pakikibaka-kasalukuyang-isyung-panlipunan-inilantad-sa-dulaang-iskot-iska/

I. Gawain 4: ***OPSYON 2: "Case Study"***

II. Layunin: *Napahahalagahan ang kolektibong pakikibaka sa kasalukuyang lipunan.*

II. Mga kagamitang Kailangan: Case Study , Bond Paper, Manila paper, Marker

III. Panuto: Basahin at unawain ang case study ng EDSA People Power Revolution (1986). Suriin ang mga mahahalagang bahagi ng pangyayari gamit ang Pamprosesong tanong.

Case Study: EDSA People Power Revolution (1986)

Noong Pebrero 22–25, 1986, naganap ang isang mapayapang rebolusyon sa Epifanio Delos Santos Avenue (EDSA) sa Metro Manila. Milyun-milyong Pilipino mula sa mga estudyante, propesyunal, simbahan, militar, at karaniwang mamamayan ang nagkakaisa upang tutulan ang diktaduryang pamumuno ni Pangulong Ferdinand Marcos.

Ang rebolusyon ay bunga ng matagal nang panawagan para sa demokrasya, lalo na nang matapos ang pagpaslang kay Senador Ninoy Aquino noong 1983. Maraming mga tao ang nakikilahok dito tulad ng mga sibilyan, militar at mga alagad ng simbahan na si Jaime Cardinal Sin. Nagdulot ito ng pagbagsak sa pamahalaang diktatoryal ni Pangulong Ferdinand Marcos at ang paghalili ni Corazon Aquino sa posisyong nilisan ni Marcos. Naganap ang karamihan ng mga demonstrasyon sa EDSA (Abenida Epifanio de los Santos), isang mahalagang daan sa Kalakhang Maynila.

https://tl.wikipedia.org/wiki/Rebolusyong_EDSA_ng_1986

Pamprosesong Tanong:

1. *Ano sa palagay mo, ang pangunahing dahilan ng EDSA People Power Revolution? Paano mo maiuugnay ang dahilan nito sa sitwasyon ng kasalukuyang lipunan?*_____
   _____

2. *Alin sa mga hakbang o aksyon ng mamamayan ang sa tingin mo ang siyang pinakaepektibo sa lahat at bakit? Ipaliwanag*

_____
_____

3. *Kung ikaw ay bahagi ng kilusan noong 1986, ano ang posibleng maging hakbang ang gagawin mo,paano mo naman ito isasagawa sa mapayapang paraan?*
   _____
_____

4. *Anu-ano ang mga aral na makukuha mo mula sa EDSA People Power Revolution na maaari mong ilapat sa kasalukuyang pakikibaka para sa karapatan at katarungan sa iyong komunidad?*

_____
_____

5. *Paano nakatutulong ang EDSA People Power Revolution sa paghubog ng kamalayang Pilipino at pambansang identidad? Magbigay ng konkretong halimbawa nito.*

_____
_____

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	Aralin 2 (Ikalawa at Ikatlong Linggo)	**Petsa:**	
Nilalaman:	Mga Piling Kolektibong Karanasan ng Pakikibaka Laban sa mga Dayuhan na Nagbunsod ng Kamalayang Pilipino		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. GAWAIN: ***Balik-aral: Word Search***

II. MGA LAYUNIN:
Natutukoy ang ginawang pakikibaka laban sa panahon ng kolonyalismong Espanyol, Amerikano, at okupasyong Hapon na nagbunsod ng kamalayang Pilipino

III. KAGAMITAN: bolpen o lapis

IV. PANUTO: Hanapin ang mga salitang may kaugnayan sa pakikibaka sa panahon ng mga Espanyol. Ang mga salita ay maaaring pahalang, patuwid , at pahilis. Maaaring gumamit ng bolpen, lapis o krayola (dilaw) sa pagsagot.

Z	W	F	B	H	E	Z	F	U	V	A	I	M	H	T	Q	O	K
D	Q	J	O	S	V	N	Z	C	T	Z	T	S	B	Y	S	W	F
A	G	R	A	R	Y	O	C	L	A	F	M	K	C	O	B	X	R
L	C	P	B	D	M	T	Z	O	O	R	I	L	S	O	A	X	J
A	R	A	R	G	H	A	V	Z	M	E	P	V	L	B	N	U	G
	K	H	V	O	F	K	G	U	W	I	G	N	S	G	H	I	M
S	A	B	E	I	P	R	B	D	N	J	E	Y	E	O	C	Q	B
O	T	K	V	Y	T	A	Q	K	I	Z	X	N	W	I	T	V	Y
L	I	F	N	V	G	E	G	C	V	W	N	Z	D	O	Y	M	I
I	P	T	N	D	N	G	C	A	R	S	A	O	T	A	H	E	L
D	U	B	I	I	U	Y	N	B	N	S	B	N	F	Q	K	V	U
A	N	O	S	O	G	U	Z	C	S	D	R	L	G	I	V	X	S
R	A	N	M	D	P	M	D	Y	F	P	A	P	P	L	X	B	T
I	N	A	G	U	I	N	A	L	D	O	X	D	V	U	J	M	R
D	J	S	U	Q	N	M	D	D	D	I	F	T	H	L	J	E	A
A	N	V	A	D	L	A	V	H	F	A	S	V	V	N	R	X	D
D	R	C	B	P	J	I	C	K	V	T	U	Q	U	I	U	K	O
A	C	Z	B	Y	P	V	L	G	T	L	T	H	C	L	T	N	S

GAWAING PAMPAGKATUTO

Nilalaman:	*Kolektibong Karanasan sa Iba't ibang Panahon*		
Pangalan:		**Baitang:**	11


I. GAWAIN: ***3- Panahon 2 – Epekto 1- Bayan***

II. MGA LAYUNIN:

- Natutukoy ang iba't ibang panahon ng karanasang natatamo ng mga Pilipino sa kamay ng mga dayuhan at natutukoy ang naging epekto nito sa kamalayang Pilipino.

III. KAGAMITANG KAILANGAN: bolpen , sagutang papel

IV. PANUTO: *Sa tulong ng mga larawan, tukuyin kung anong panahon ito naranasan ng mga Pilipino. Sa ikatlong kolum, sumulat ng isang epekto sa lipunan at isa para sa kamalayang Pilipino.*

Larawan	***Panahon***	***Epekto***
		
		
		
 		

GAWAING PAMPAGKATUTO

Nilalaman:	*Karapatang Bumoto ng mga Kababaihan*		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. GAWAIN: ***Boto ng BABAE - Boto ng BAYAN***

II. MGA LAYUNIN:

- Nasusuri ang mga layunin at konteksto ng pagkakabuo ng mga kilusang panlipunan tulad ng Kilusang Feminista at Kilusang Gerilya bilang bahagi ng kolektibong pakikibaka laban sa kolonyalismo at pananakop ng dayuhan.

III. KAGAMITANG KAILANGAN: bolpen , sagutang papel

IV. PANUTO: Basahin ang SITWASYON. Suriin ang epekto ng kawalan ng karapatan ng mga kababaihan na bumoto at ang kanilang maaaring maging hakbang sa pagsulong ng karapatang bumoto ng kababaihan. Suriin at sagutin ang SULIRANIN. Isulat ang iyong pagsusuri sa loob ng kahon. Pagkatapos ay sagutin sa loob ng 2-3 pangungusap ang mga sumusunod na tanong. Isulat ang iyong sagot sa hiwalay na papel.

SITWASYON:

Sa ilalim ng mga Amerikano nabuo ang 1935 Konstitusyon. Sa kabila ng pagsulong ng mga kababaihan sa paggawa, edukasyon at mga gawaing panlipunan, hindi pa rin sila pinayagang makaboto o magkaroon ng representasyon sa pamahalaan.

Bahagi ka ng isang organisasyong pangkabataan na nagsusulong ng pagkakapantay-pantay anuman ang kasarian. Batid mo, ang mga hinaing ng mga kababaihan sa inyong lugar, mula sa mga ina, mga manggagawa, mga guro, at iba pang kababaihang naghahangad na maging bahagi ng eleksyon at sa pagpili ng mga susunod na lider ng bayan.

SULIRANIN:

Anong kampanya ang maaari mong gawin o buuin upang mahikayat ang iyong mga kasama na suportahan ang panawagan ng mga kababaihan na mabigyan sila ng karapatang bumoto?

1. Anu-ano ang mga posibleng dahilan kung bakit hindi pinapayagang bumoto ang mga kababaihan noon?
2. Bakit mahalaga ang boto ng mga kababaihan? Paano ito nakakaapekto sa lipunan?
3. Ano ang maaari mong gawin bilang kabataan mo noong panahong iyon upang maisulong ang karapatang bumoto ang mga kababaihan?
4. Anong mensahe ang nais mong iparating sa mga mambabatas, kung ikaw ay gagawa ng kampanya?

GAWAING PAMPAGKATUTO

Nilalaman:	Mga Piling Kolektibong Karanasan ng Pakikibaka Laban sa mga Dayuhan na Nagbunsod ng Kamalayang Pilipino		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. GAWAIN: ***K-W-L Chart***

II. MGA LAYUNIN:

Nasusuri ang mga layunin at konteksto ng pagkabuo ng mga kilusang panlipunan tulad ng Kilusang Feminista at Kilusang Gerilya bilang bahagi ng kolektibong pakikibaka laban sa kolonyalismo at pananakop ng dayuhan..

III. KAGAMITANG KAKAILANGANIN: bolpen , sagutang papel

IV. PANUTO: *Sagutin ang K-W-L Chart. Punan ang bahaging* ***K*** *ng mga alam mo na ukol sa kolektibong karanasan ng pakikibaka laban sa mga dayuhan na nagbunsod ng kamalayang Pilipino. Punan ang bahaging* ***W*** *ng mga gusto mong malaman ukol sa aralin. Ang L-kolum ay sasagutan sa pagtatapos ng aralin.*

K *(Ano ang ALAM KO NA)*	***W*** *(Ano ang GUSTO KONG MALAMAN)*	***L*** *(Ano ang NATUTUNAN ko)*

GAWAING PAMPAGKATUTO

Nilalaman:	*Kilusang Panlipunan sa Panahon ng mga Hapones*		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. GAWAIN: ***DATA RETRIEVAL CHART ACTIVATED***

II. MGA LAYUNIN:

- *Naikukumpara ang mga piling kaso ng kilusang panlipunan batay sa kanilang layunin, paraan ng pakikibaka, at naging bunga bilang tugon sa pananakop ng dayuhan*

III. KAGAMITANG KAKAILANGANIN: bolpen o lapis

IV. PANUTO: Paghambingin ang Aktibismong Panuelo at Kilusang Sufragista sa layunin, paraan ng pakikibaka, mga mahahalagang personalidad, at ang naging epekto nito sa lipunan.

Aspekto:	***Aktibismong Panuelo***	***Kilusang Sufragista***
Layunin		
Paraan ng Pakikibaka		
Mga Kilalang Personalidad		
Epekto sa Lipunan		

I. GAWAIN: ***DATA COMPARISON TABLE***

II. MGA LAYUNIN:

Naikukumpara ang mga piling kaso ng kilusang panlipunan batay sa kanilang layunin, paraan ng pakikibaka, at naging bunga bilang tugon sa pananakop ng dayuhan; at

III. KAGAMITANG KAKAILANGANIN: bolpen o lapis

IV. PANUTO: *Punan ng wastong impormasyon ang talahanayan. Sagutin ang mga gabay na tanong pagkatapos. Isulat ang inyong sagot sa sagutang papel. Pagkatapos sagutin ang mga gabay na tanong sa hiwalay na papel.*

Kolektibong Karanasan	***Paraan ng Pakikibaka***	***Resulta/Epekto***
Isyung Panlipunan, Ekonomiko at Politikal sa Panahon ng Kolonyalismong Espanyol		
Kalagayan ng Kababaihan sa Kolonyalismong Amerikano		
Mga Hamon ng Okupasyong Hapones		

Mga Gabay na Tanong:

1. *Ano ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga paraan ng pakikibaka ng mga Pilipino sa tatlong panahong tinalakay?*

2. *Kung ikaw ay nabuhay sa isa sa mga panahong ito, anong paraan ng pakikibaka ang iyong susuportahan at bakit?*

3. *Paano nakatutulong ang pag-aaral ng mga kolektibong karanasang ito upang maunawaan ang mga kasalukuyang isyung panlipunan sa Pilipinas?*

4. *Anong aral mula sa mga karanasan ng mga Pilipino noong kolonyalismong Espanyol, Amerikano, at Hapones ang maaari mong ilapat sa iyong buhay bilang mamamayan?*

5. *Bakit mahalagang alalahanin at pag-aralan ang mga kolektibong karanasan ng mga Pilipino sa kasaysayan?*

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	Aralin 3 (Ikaapat at Ikalimang Linggo)	**Petsa:**	
Nilalaman:	Mga Naging Tugon ng Pilipino sa Kasaysayan		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain 1: "*ALPHABET BRAINSTORM*"

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

- Nakauugnay sa mga konsepto na may kaugnayan sa iba't ibang anyo ng pakikibaka laban sa mga dayuhan tungo sa pagsulong ng kamalayang Pilipino bilang pagbabalik-aral

III. Kagamitang Kailangan: "*Alphabet chart*"

ALPHABET CHART

Andres Bonifaco/ Agraryo	Battle of Pockets	Cavite/ Cordillera	Diego Silang	Emilio Aguinaldo/ Espanyol
Feudalismo/ Frayle	Gerilya	Hunters ROTC/ Huk Amazon	Igorot/ Ilustrado	Japanese
Kababaihan	La Solidaridad	Magsasaka/ Malolos Congress	Negros	Oposisyon/ Oligarkiya
Pura Villanueva Kalaw	Q	Rebolusyon	Suffragista	Tributo
Unyon	Vicente Lukban	WW2	XY	Z

IV. Panuto: Pumili ng dalawa o higit pang konsepto mula sa"*alphabet chart*" sa itaas upang makabuo ng mga ideya na may kaugnayan sa iba't ibang anyo ng pakikibaka laban sa mga dayuhan tungo sa pagsulong ng kamalayang Pilipino na tinalakay sa nakaraang aralin. Gumawa ng limang pahayag mula sa mga konsepto.

hal: *Si <u>Jose Rizal</u> ay isa sa mga pangunahing nagtatag ng <u>Kilusang Propaganda.</u>*

1. _____.
2. _____.
3. _____.
4. _____.
5. _____.

I. Gawain 3: *"ANTICIPATION/ REACTION GUIDE"*

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang:

- Nakasusuri sa bunga ng bawat kilusang panlipunan na may kaugnayan sa paghubog ng kamalayang Pilipino.

III. Kagamitang Kailangan: ballpen o lapis

IV. Panuto: Basahin at unawain ang bawat pahayag. Lagyan ng tsek (✔) ang kolum kung ikaw ay sang-ayon o hindi sang-ayon sa pahayag. Ang kolum na "Bago ang Aralin" lamang ang sasagutan ng mga mag-aaral at muling babalikan ang "Matapos ang Aralin" na kolum sa pagtatapos ng aralin.

Bago ang Aralin		**Pahayag**	**Matapos ang Aralin**	
S	**HS**		**S**	**HS**
		1. Malaki ang ginampanang papel ng mga kilusang panlipunan katulad ng kilusang agraryo, kilusang suffragist, Propaganda, Katipunan at gerilya sa pagsulong ng kamalayang Pilipino.		
		2. Ang suffragist movement sa Pilipinas ay hindi lamang laban para sa karapatang bumoto, kundi isang makasaysayang pagpapatunay na ang kababaihan ay may kakayahan at karapatang makibahagi sa paghubog ng bayan. Isa itong paalala na ang tunay na demokrasya ay nakasalalay sa pagkilala sa pantay na karapatan ng lahat ng mamamayan—anuman ang kanilang kasarian.		
		3. Dahil sa pagkakahiwalay ng mga Igorot sa kabundukan, hindi sila naging bahagi ng anumang makabuluhang pakikibaka laban sa mga Amerikano o Hapones, at pinili na lamang nilang manahimik at makiisa sa mga bagong pamahalaan.		
		4. Dahil sa mga sinulat ng mga propagandista, napilitan ang pamahalaang kolonyal na isuko ang kapangyarihan at ipagkaloob ang kalayaan sa mga Pilipino.		
		5. Ang kilusang pang-agraryo ay nagbunga ng mas mataas na kamalayan ng mga magsasaka sa kanilang karapatan sa lupa, na nag-udyok sa mga reporma sa lupa tulad ng *Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP)*, at naging simula ng mas organisadong panawagan para sa makatarungan at pantay-pantay na distribusyon ng lupain sa Pilipinas.		

Pamprosesong Tanong:

1. Nahirapan ka ba sa pagsagot kung ikaw ay sang-ayon o hindi sa mga pahayag? Ipaliwanag _____

   _____

I. GAWAIN 4: *"TALAHANAYAN NG TAGASURI"*

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang:

- Nakasusuri sa bunga ng bawat kilusang panlipunan na may kaugnayan sa paghubog ng kamalayang Pilipino.
- Nailalapat ang mga naging bunga ng kilusang agraryo, propaganda, at himagsikan sa paghubog ng pambansang kamalayan.
- Nakatataya sa papel ng mga kilusang panlipunan sa pagsulong ng pambansang identidad at kamalayang Pilipino

III. Kagamitang Kailangan: ballpen o lapis

IV. Panuto: Kumpletuhin ang talahanayan sa ibaba para sa bawat kilusang panlipunan.

Kilusan	Layunin	Paraan ng Pagkilos	Resulta o Bunga	Epekto sa Kamalayang Pilipino
Kilusang Agraryo				
Kilusang Propaganda				
Katipunan				
Kilusang Suffragists				
Kilusang Gerilya				

Pamprosesong Tanong:

1. Ano-anong kilusang panlipunan ang nabigyan ng tuon ng ating gawain?
   _____
   _____
   _____
2. Ano-ano ang mga naging bunga ng kilusang panlipunan sa pagsulong ng kamalayang Pilipino?
   _____
   _____
   _____
3. Gaano nga ba kahalaga ang mga kilusang panlipunan sa paghubog ng isang bansa?
   _____
   _____
   _____

I. Gawain 5: *"ANTICIPATION/ REACTION GUIDE"*

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang:
- Makabubuo ng kaalaman tungkol sa aralin sa pamamagitan ng pagsagot sa Anticipation Guide Chart

III. Kagamitang Kailangan: ballpen o lapis

IV. Panuto: Basahin at unawain ang bawat pahayag. Lagyan ng tsek (✔) ang kolum kung ikaw ay sang-ayon o hindi sang-ayon sa pahayag. Ang kolum na "Matapos ang Aralin" lamang ang sasagutin.

Bago ang Aralin		**Pahayag**	**Matapos ang Aralin**	
S	**HS**		**S**	**HS**
		1. Malaki ang ginampanang papel ng mga kilusang panlipunan katulad ng kilusang agraryo, kilusang suffragist, Propaganda, Katipunan at gerilya sa pagsulong ng kamalayang Pilipino.		
		2. Ang suffragist movement sa Pilipinas ay hindi lamang laban para sa karapatang bumoto, kundi isang makasaysayang pagpapatunay na ang kababaihan ay may kakayahan at karapatang makibahagi sa paghubog ng bayan. Isa itong paalala na ang tunay na demokrasya ay nakasalalay sa pagkilala sa pantay na karapatan ng lahat ng mamamayan—anuman ang kanilang kasarian.		
		3. Dahil sa pagkakahiwalay ng mga Igorot sa kabundukan, hindi sila naging bahagi ng anumang makabuluhang pakikibaka laban sa mga Amerikano o Hapones, at pinili na lamang nilang manahimik at makiisa sa mga bagong pamahalaan.		
		4. Dahil sa mga sinulat ng mga propagandista, napilitan ang pamahalaang kolonyal na isuko ang kapangyarihan at ipagkaloob ang kalayaan sa mga Pilipino.		
		5. Ang kilusang pang-agraryo ay nagbunga ng mas mataas na kamalayan ng mga magsasaka sa kanilang karapatan sa lupa, na nag-udyok sa mga reporma sa lupa tulad ng *Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP)*, at naging simula ng mas organisadong panawagan para sa makatarungan at pantay-pantay na distribusyon ng lupain sa Pilipinas.		

Pamprosesong Tanong:

1. Ano ano ang mga naging pagbabago sa iyong sagot mula sa "bago ang aralin" na bahagi patungo sa "matapos ang aralin" na bahagi?
2. Ano ang iyong naging repleksyon mula sa pag-unlad ng kaalaman patungo sa paksa?

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	Aralin 4 (Ikaanim at Ikapitong Linggo)	**Petsa:**	
Nilalaman:	Mga Piling Kolektibong Karanasan ng Pakikipag-angkop sa Panahon ng Pagsasarili		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 1: *Smart Art at Venn Diagram*

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang
a. Naipapaliwanag ang konsepto ng Local Elitism
b. Naihahambing ang pagkakatulad at pagkakaiba ng Dinastiyang Politikal at Local Elitism

III. Kagamitang Kailangan: Smart Art Template, Sagutang Papel o Short Bond Paper, at Ballpen

IV. Panuto: Basahin at suriin ang konteksto ng Local Elitism at Dinastiyang Politikal at sagutin ang mga hinihingi sa Smart Art at Venn Diagram.

Local Elitism

Local Elitism ay tumutukoy sa dominasyon o pamamayani ng iilang makapangyarihang pamilya o indibidwal sa lokal na pamahalaan at mga institusyong pampulitika, panlipunan, at pang-ekonomiya. Sila ang tinatawag na "local elites" — karaniwang mga mayayaman, may impluwensiyang politikal, at may kontrol sa lokal na ekonomiya at resources tulad ng lupa, negosyo, at boto.

Mga Katangian ng Local Elitism:

- Sentralisado sa iilang pamilya o clan ang kapangyarihan.
- Nagkakaroon ng kontrol sa lokal na eleksiyon at pamamahala.
- May koneksyon sa pambansang liderato o partido upang mapanatili ang posisyon.
- Madalas, ginagamit ang kapangyarihan upang maprotektahan ang sariling interes, hindi ang kapakanan ng mas nakararami.

Dinamiko ng Pamilya, Estado at Kapangyarihan

Ang relasyon ng pamilya, estado, at kapangyarihan ay may mahalagang papel sa pagpapatibay ng local elitism. Sa Pilipinas, ang pulitika ay kadalasang "pampamilya"— ito ay naipapasa mula sa isang henerasyon patungo sa susunod.

Paliwanag:

- Pamilya bilang batayan ng kapangyarihan- Ang mga lokal na lider ay karaniwang galing sa kilalang pamilya o clan, at ginagamit ang yaman, pangalan, at koneksyon upang manatili sa poder.
- Estado ay madalas nagiging instrumento lamang ng mga elite, imbes na maging tagapagtaguyod ng hustisya at pantay na oportunidad.
- Kapangyarihan ay umiikot lamang sa mga iilang grupo, kaya nalilimitahan ang partisipasyon ng iba sa pamahalaan.

  e.g. Isang gobernador ang pumalit sa kanyang ama na dating alkalde, habang ang ina ay isang kongresista — ito ay nagpapakita kung paano gumagana ang pamilya bilang estratehikong yunit ng kapangyarihang pampolitika.

Dinastiyang Politikal at Local Elitism

Ang dinastiyang politikal ay isang konkretong manipestasyon ng local elitism. Tumutukoy ito sa kalagayan kung saan ang mga miyembro ng isang pamilya ay magkakasunod o sabay-sabay na humahawak ng puwesto sa pamahalaan, kadalasan sa iisang lugar.

Ugnayan:


- Ang mga politikal na dinastisya ay nagpapalakas sa local elitism dahil hindi na nabibigyan ng pagkakataon ang iba pang mamamayan na makapagsilbi sa gobyerno.
- Pinapatatag nito ang kontrol ng elite sa ekonomiya, impormasyon, at eleksiyon.]
- Tumatagal ang impluwensiya dahil sa paggamit ng parehong pangalan, yaman, at makinarya sa halalan.

Epekto:


- Nagkakaroon ng kakulangan sa demokratikong partisipasyon.
- Hindi naipatutupad nang wasto ang mga reporma dahil pinapaboran ng mga elitistang politiko ang sarili nilang interes.
- Naipapasa ang korapsyon, patronage politics, at status quo mula sa isang henerasyon tungo sa susunod.

GAWAIN 1: "SMART ART" at "Venn Diagram"

Ang mga mag-aaral ay bubuo ng Smart Art gamit ang template na ipapamahagi ng guro. Gagawin ito nang paisa-isa upang maipakita ang sariling pang-unawa. Maaring dagdagan ang mga kahon upang lalong mabigyang kahulugan ang **LOCAL ELITISM**



Gamit ang smart art isulat ang katangian ng Local Elitism



"VENN DIAGRAM"
Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang pagkakaiba ng Local Elitism sa Dinastiyang Politikal?
2. Saan nagkakahalintulad ang Local Elitism sa Dinastiyang Politikal?

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	Aralin 4 (Ikaanim at Ikapitong Linggo)	**Petsa:**	
Nilalaman:	C. Mga Piling Kolektibong Karanasan ng Pakikipag-angkop sa Panahon ng Pagsasarili C.2. Diktadurya C.2.a Ang Diktadurya sa Konteksto at Kamalayang Pilipino C.2.b Ang Karapatang Pantao sa Panahon ng Diktadurya		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 2: ***Pagbabasa ng artikulo ukol sa paksang karapatang pantao sa panahon ng diktadurya.***

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang

a. Nailalahad ang mga datos ng mga paglabag sa karapatang pantao noong panahon ng Diktadurya
b. Natutukoy ang mga Karapatang Pantao na nalabag noong panahon ng diktadurya
c. Naiisa-isa ang epekto ng military rule sa karapatang pantao.

III. Kagamitang Kailangan: Sagutang papel, ballpen

IV. Panuto: Basahin at unawain ang teksto. Isulat ang mga sagot ng pamprosesong tanong sa sagutang papel.

ANG ATING PANAHON:
Ang Bayan Mula Pagkabansang Republika Hanggang Kapangyarihang Bayan [1]
Michael Charleston "Xiao" B. Chua

Noong ika-23 ng Setyembre, 1972, lumabas ang Pang. Ferdinand E. Marcos sa telebisyon upang ipahayag na isinailalim na niya ang bansa sa Pampanguluhang Proklamasyon 1081 (Deklarasyon ng Batas Militar) dalawang araw na ang nakakalipas. Ito ay kanyang ginawa upang "iligtas" ang republika mula sa diumano'y lumalaking rebelyong Komunista at "baguhin" ang lipunan mula sa mahinang sistema ng pulitika at kahirapan.

Tinawag niya itong Constitutional Authoritarianism.Kalayaan: Sa mga unang panahon ng Batas Militar, tila nagkaroon na nga ng "Bagong Lipunan"—nagkaroon nga ng katahimikan sa lansangan sa tuwing gabi dahil sa curfew, liban pa sa maraming mga imprastraktura ang naipatayo—mga kalsada, mga tulay at mga paaralan—na sadyang kailangan ng mga mamamayan. Subalit, sa kabilang banda sinupil ang mga kalayaang sibil sa pamamahayag at pinatay ang diwa ng demokrasya. Ipinasarado ang Kongreso at ang mga batas ay nilikha ni Marcos sa pamamagitan ng kanyang mga Letters of Instructions (LOI) at Presidential Decrees (PD) 20 Sa dyaryo, radyo at telebisyon, puro mga magagandang balita ng mga programa ng pamahalaan ang mababasa.

Lumakas ang papel ng mga militar sa politika, humahawak sila ng mga posisyong sibil sa pamahalaan at lumaki ang kanilang hanay (mula 55,000 kawal noong 1972 hanggang 250,000 noong 1984), at ang kanilang badyet (Mula Php 608 Milyon noong 1972 hanggang US $ 8.8 Bilyon noong 1984.[21]

Sa paglakas ng kanilang kapangyarihan, napuno ang mga kampo militar ng Aguinaldo, Bonifacio, Crame at Bicutan ng mga bilanggong politikal sa hanay ng mga lumalaban sa diktadura. Iba't ibang paglabag sa karapatang pantao ang naitala: sikolohikal at sekswal na abuso, pangunguryente, San Juanico Bridge, pag-iniksyon ng truth serum, pananakot sa Russian Roulette, pambubugbog, pagpapainom ng galong-galong tubig, pananakal, pagpaso ng sigarilyo, makahayup na pagmaltrato, atbp.[22] Iba-iba rin ang naitala sa bilang ng mga biktima.

Iba't ibang organisasyon rin ang nagtala ng bilang ng mga biktima. Ayon sa Task Force Detainees of the Philippines, mula 1965-1986: 2,668 mga pag-aresto, 398 na pagkawala, 1,338 kaso ng pagpatay, 128 na tangkang pagpatay, at 1,499 na namatay at nasugatan sa mga masaker. Ayon naman sa estimate ng pandaigdigang samahan ng Karapatang Pantao, ang Amnesty International: 70,000 ang ikinulong, 34,000 ang dumanas ng pagpapahirap, at 3,240 ang pinatay.

Sa kasalukuyan may 11,103 na biktima ng batas militar na ang mga kaso ay nai-dokumento at napatunayanng pamahalaan ayon sa Human Rights Violation Commission.

Pamprosesong Tanong:

1. Anong proklamasyon ang inilabas ni Dating Pangulong Ferdinand Marcos Sr.?
2. Anu-anong datos ang nagpapatunay na nagkaroon ng tahasang paglabag sa karapatang pantao noong panahon ng Diktadurya?
3. Anong mga Karapatang Pantao ang nalabag noong panahon ng diktadurya?
4. Ano naman ang epekto nito ng military rule sa karapatang pantao?
5. Sa kasalukuyang panahon nagaganap pa rin ba ang paglabag sa karapatang pantao?

I. Gawain Bilang 3: *"KAPAG MAY KATWIRAN, IPAGLABAN MO"*

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang
   a. Nailalahad ang paninindigan ukol sa mga karanasan ng pakiki-angkop sa panahon ng pagsasarili gamit ang mga piling kaso.

III. Kagamitang Kailangan: Manila Paper, Marker

IV. Panuto:
1. Hatiin ang klase sa 4 na grupo.
2. Bawat grupo ay bubunot ng isang job card na naglalaman ng kaso.
3. Bibigyan sila ng 5–7 minuto upang basahin, pag-usapan, at sagutin ang mga pamprosesong tanong.
4. Magkakaroon ng 2–3 minutong presentasyon bawat grupo.
5. Ang guro ay magsisilbing facilitator ng talakayan at magbibigay ng dagdag na kaalaman o paglilinaw kung kinakailangan.

Unang Kaso: Elitismo sa edukasyon; hindi pantay na access sa oportunidad batay sa kalagayang panlipunan.

Sitwasyon:1

Sa isang probinsiya sa Visayas, itinayo ng lokal na pamahalaan ang isang bagong Science High School na may modernong pasilidad at kumpletong laboratoryo. Layunin nitong linangin ang mga "mahuhusay at matatalinong mag-aaral" upang mapaghandaan nila ang kolehiyo at mapabilang sa mga lider ng hinaharap.

Subalit, sa screening process ng paaralan, tanging ang mga estudyanteng may mataas na marka sa isang standardized exam, mataas na IQ test result, at magaling sa wikang Ingles ang pinapayagang makapasok. Karamihan sa mga pumapasa ay mula sa mga pribadong eskwelahan at may kaya sa buhay — anak ng mga propesyonal, politiko, at negosyante. Iilan lamang sa mga galing sa pampublikong paaralan at anak ng magsasaka o mangingisda ang nakapapasok.

Lumipas ang ilang taon, napansin na ang mga alumni ng nasabing paaralan ay nagiging mga scholar sa mga prestihiyosong unibersidad, at karamihan ay nagkakatrabaho sa gobyerno o malalaking korporasyon. Sa kabilang banda, ang mga mag-aaral mula sa mga ordinaryong pampublikong paaralan ay hirap makapasa sa mga competitive na entrance exams at bihirang magkaroon ng parehong oportunidad.

Pamprosesong Tanong:

1. Paano mo mababalanse ang pagkilala sa kakayahan ng iilan at ang pagkakapantay-pantay ng oportunidad para sa lahat?
2. Paano magiging patas ang sistemang edukasyon sa isang lipunang stratified?
3. Nagiging instrumento ba ng elitismo ang edukasyon kung ito ay mas naaabot lamang ng iilang may innate na advantage at privilege? Pangatwiranan
4. Sa kabila ng layunin ng nasabing paaralan na palaguin ang talento ng kabataan, naisasantabi ba nito ang masa? Pangatwiranan.

Pangalawang Kaso: Ang Pamahalaang Walang Pagsuway
Sitwasyon:2

Sa bayan ng San Lorenzo, ang alkalde na si Mayor Renato Reyes ay nasa ikatlong termino na ng kanyang panunungkulan. Kilala siya bilang isang “disiplinado at matapang” na lider. Sa kanyang pamumuno, naipatupad ang curfew, mahigpit na regulasyon sa trapiko, at mga proyektong imprastruktura tulad ng kalsada at palengke.

Gayunpaman, kasabay ng mga proyekto ay ang paglakas ng kontrol ng alkalde sa halos lahat ng aspekto ng pamahalaan. Ang mga barangay captain na bumabatikos sa kanya ay tinatanggal sa puwesto sa pamamagitan ng mga kasong administratibo. Ang mga mamamahayag na kumukuwestyon sa kanyang proyekto ay tinatawag na "kalaban ng kaunlaran" at sinampahan ng kasong cyberlibel. Sa social media, may mga pekeng account na nilikha upang siraan ang mga oposisyon.

Minsan, pinilit ng alkalde ang mga guro at estudyante na dumalo sa kanyang mga rally at “development seminars,” kung saan ipinagmamalaki niya ang kanyang mga proyekto. Kapag may hindi sumunod, hindi nila natatanggap ang ayuda mula sa lokal na pamahalaan.

Sa kabila nito, marami pa ring sumusuporta sa alkalde, dahil sa kanyang "malinis" na imahe, mabilis na aksyon, at takot ng tao na magreklamo. Laging sinasabi ng kanyang kampo: “Disiplina ang kailangan ng bayan, hindi demokrasya.”

Pamprosesong Tanong:

1. Anong epekto ng isang pamahalaang walang puwang sa dissent o kritisismo?
2. Paano pinapahina ng ganitong sistema ang demokrasya?
3. Maituturing bang epektibo ang isang lider kung ang kaayusan ay nakamit sa kapinsalaan ng kalayaan ng mamamayan?
4. Kailan nagiging diktadurya ang isang pamahalaang tila "masipag" at "disiplinado"?

Ikatlong Kaso: Ang Nawalang Aktibista – Ang Karanasan ni Ernesto
Pangyayari: 3

Noong taong 1974, dalawang taon matapos ideklara ni Pangulong Ferdinand Marcos ang Batas Militar sa buong bansa, naging aktibo si Ernesto "Ernie" Santos, isang 21-anyos na estudyante ng isang sikat na Unibersidad, sa mga kilos-protesta laban sa pamahalaan. Isa siyang kasapi ng isang progresibong organisasyon na nananawagan ng karapatang pantao, hustisyang panlipunan, at pagbabalik ng demokratikong pamamahala.

Isang araw, habang papauwi galing sa isang lihim na pagpupulong, dinampot si Ernesto ng mga kalalakihang walang uniporme na sakay ng isang itim na sasakyan. Mula noon, hindi na siya muling nakita. Walang dalang arrest warrant ang mga dumampot sa kanya, at hindi siya pinahaharap sa anumang kaso.

Lumapit ang kanyang mga magulang sa iba't ibang tanggapan ng gobyerno—sa pulisya, militar, at maging sa Malacañang—ngunit walang opisyal na umamin na siya ay nakakulong. Siya ay naging isa sa libu-libong "desaparecidos" o mga nawawala na pinaniniwalaang biktima ng enforced disappearances noong panahon ng Batas Militar.

Konteksto:

Sa ilalim ng Batas Militar, sinuspinde ang writ of habeas corpus, pinayagan ang walang habas na pag-aresto, at isinailalim sa kontrol ng estado ang midya at mga institusyon. Libu-libong aktibista, manggagawa, magsasaka, estudyante, guro, at kahit mga pari ang inaresto, tinortyur, at pinatay—kabilang na si Ernesto.

Pamprosesong Tanong:

1. Sa ngalan ba ng kaayusan at seguridad, katanggap-tanggap bang ipagsawalang-bahala ang mga karapatang pantao?
2. Ano ano ang mga naging epekto nito sa kasalukuyan, sa mga paglabag sa karapatang pantao noong panahon ng Batas Militar?

Ikaapat na Kaso: Ang Pamilya De la Cruz – Kapangyarihang Walang Hanggan?
Pangyayari: 4

Sa bayan ng San Rafael, isang maliit na munisipalidad sa hilagang bahagi ng Luzon, higit tatlong dekada nang hawak ng pamilya De la Cruz ang mga pangunahing posisyon sa pamahalaan.

Si Mayor Antonio De la Cruz ay naupong alkalde mula 1995 hanggang 2004. Nang matapos ang kanyang termino, tumakbo ang kanyang asawa, si Marites De la Cruz, at nanilbihang mayor mula 2004 hanggang 2026

Pagsapit ng 2013, ang kanilang anak na si Councilor Anthony De la Cruz naman ang tumakbo at nanalo bilang alkalde. Ang asawa niya ay kasalukuyang vice mayor, habang ang kanyang kapatid ay kinatawan ng distrito.

Sa tuwing may halalan, hindi na halos lumalaban ang ibang kandidato dahil sa kapangyarihan, yaman, at malawak na impluwensiya ng mga De la Cruz sa lokal na ekonomiya at media.

Kilala rin sila sa pagbibigay ng ayuda at serbisyo tuwing eleksyon, ngunit may mga ulat ng pananakot, pagbili ng boto, at pagkontrol sa mga proyekto ng barangay.

Konteksto:

Ang Political Dynasty ay laganap sa Pilipinas. Ayon sa mga pag-aaral, humigit-kumulang 70% ng mga kongresista at mayorya ng mga lokal na opisyal ay mula sa mga kilalang pamilya sa politika. Sa halip na serbisyo publiko, nauuwi ito sa kontraktwalisasyon ng kapangyarihan, korapsyon, at pagiging makapangyarihan ng iilang pamilya, habang nananatiling mahirap at walang representasyon ang masa.

Pamprosesong Tanong:

1. Sa anong paraan nakaaapekto ang political dynasty sa pamamahala at demokrasya?
2. Dapat bang ipagbawal ng Saligang Batas ang political dynasty? Bakit oo o bakit hindi?
3. Ano ang maaaring alternatibo upang masigurong patas ang representasyon sa pamahalaan?

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	Aralin 5 (Ikawalo at Ikasiyam na Linggo)	**Petsa:**	
Nilalaman:	Bunga ng Lokal na Elitismo at Diktadurya sa Pagsulong ng Kamalayang Pilipino		
Pangalan:		**Baitang:**	11


I. Gawain Bilang 1: *SURI-TEKSTO!*

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang;

a. Naiisa-isa ang mga bunga ng lokal na elitismo at diktadurya sa pagsulong ng kamalayang Pilipino
b. Nakasusuri sa mga bunga ng lokal na elitismo at diktadurya sa pagsulong ng kamalayang Pilipino

III. Kagamitang Kailangan: Artikulo mula sa saliksik ni Chua, Tri-Chart

IV. Panuto: Basahin ang isang artikulo mula sa bahagi ng saliksik ni Michael Charleston B. Chua, na may pamagat na "ANG ATING PANAHON: Ang Bayan Mula sa Pagkabansang Republika Hanggang Kapangyarihang Bayan". Gumawa ng "Tri-Chart" upang suriin ang teksto batay sa tatlong temang bunga ng "local elitism" at diktadurya tulad ng; kalayaan, kaginhawaan, at kalinangan.



Sanggunian: https://chatgpt.com/s/m_6a2d049437a881919ab8b3a7f2f6f5ea

"Ang Ating Panahon"
Ang Bayan Mula Pagkabansang Republika Hanggang Kapangyarihang Bayan"
Ni: Michael Charleston "Xiao" B. Chua

Sa pagbabalik ng ating kasarinlan noong 1946 bilang isang demokratikong republika, tila iilang pamilya lamang ang may hawak ng kapangyarihang pampulitika. Ang demokrasyang elit ay nagsimula sa mga unang halalan sa ilalim ng mga Amerikano noong mga Dekada 1900 kung saan ang mga nakakapagbasa at nakakapagsulat ng Ingles at Kastila at yaong may ari-arian lamang ang maaaring makilahok sa pulitika. Nagpapatuloy ito hanggang sa kasalukuyan.

Kalayaan: *Kung pagbabasehan ang dami ng pangulo mula nang maitatag ang Ikatlong Republika noong ika-4 ng Hulyo, 1946, mayroon nang sampung pamahalaan ang Pilipinas. Maraming nagsasalaysay ng kasaysayan ng pamahalaan na tila ito ang kasaysayan ng mga mamamayan. Ngunit kailangang linawin na bagama't nagtatalaban ang kasaysayan ng pamahalaan sa kasaysayan ng mamamayan, may hiwalay na kamalayan ang marami sa pamahalaan. Sa mga naging pangulo na natin: Manuel A. Roxas, Elpidio Quirino, Ramon Magsaysay, Carlos P. Garcia, Diosdado Macapagal, Ferdinand E. Marcos, Corazon C. Aquino, Fidel V. Ramos, Joseph Ejercito Estrada at Gloria Macapagal-Arroyo, karamihan ay nagmula sa mga mayayaman at pulitikal na angkan. Ang mga naging kongreso ng Pilipinas ay dinominahan ng mga elit at maykaya na nagmula sa iilang mga pulitikal na angkan. Iilan lang ba ang may kakayahang gumastos ng milyon-milyon, at kung minsan ay bilyon sa pangangampanya para maging mga "lingkod-bayan." Sa kabila ng bagong demokrasaya matapos ang 1986, sa Ikawalong Kongreso, 61%, o 122 sa 198 mga kinatawan, ay nagmula sa pulitikal na mga angkan. Mula noon, ang proporsyon ay hindi hindi nagbabago sa kabila ng pagpasok ng mga partylist. Sa ikalabing-dalawang Kongreso na nahalal noong 2001, 61%, o 140 ng 228 mga kinatawan, ay nagmula sa pulitikal na mga angkan. Sa Ikalabing-isang Kongreso, lumalabas sa resulta na sila ay binubuo ng 62%. Sa ganitong sitwasyon, kung ang mga panukalang batas na makakatulong sa mamamayan ay makakaapekto sa interes ng iilan, mahihirapan itong makalusot at maaprubahan ng batas. Paminsan-minsan, mayroon namang mga pinuno na lumilitaw at ipinapadama nila na kaisa sila ng masa.Kung, kaya't Kinikilala siya ng kanyang mga tagasunod at kinalaban nila si Magsaysay na gumagawa nito. Minsan, binubuksan niya ang palasyo ng Malacañan, isang araw sa isang linggo upang personal na dinggin ang karaingan ng mamamayan. Naging pangunahin sa kanya ang pagdadala ng pangunahing serbisyo, lalo na ng mga poso, sa buong bansa. At namuhay ng simple bilang isang pinuno.*

Kaginhawaan: *Sa kabila ng sinasabing kalayaan mula sa dayuhan, ang mga mahihirap na kasama ay patuloy na naging alipin ng lupang kanilang sinasaka na pagmamay-ari ng mga malalaking Asyendero. Bawat pangulo ng ikatlong republika ay nagtangkang tumugon sa suliraning ito ngunit tatlong hakbang ang pinakamalaki—ang Agricultural Land Reform Code (RA 3844) na nilagdaan ni Macapagal noong ika-8 ng Agosto 1963; ang Emancipation of Tenant Farmers of the Philippines (PD 27) na nilagdaan ni Marcos noong ika-21 ng Oktubre, 1972; at ang Comprehensive Land Reform Law (RA 6657) na nilagdaan ni Aquino noong ika-15 ng Hunyo 1988. Naging limitado ang pagpapatupad ng mga ito. Tanging lupa lamang na tinatamnan ng palay at mais ng mga kalaban ni Marcos ang kanyang ipinamigay at sa pagtatapos ng Batas Militar, wala pang 4% ng mga kasama ang nagmamay-ari ng lupa. Dahil sa Land Use Conversion mula sa pagiging agrikultural tungo sa pagiging industrial at residential, naiwas ang Hacienda Luisita ni Aquino sa pagpapamahagi nito. Ang mga pagpapaputok sa mga taong humihingi ng repormang agraryo sa Mendiola noong ika-22 ng Enero, 1987, at sa Hacienda Luisita noong ika-16 ng Nobyembre 2004 ay nagpapaalala na ang lupa ay nananatiling batayan ng kapangyarihan na hindi pa tangan ng mamamayan.*

Kalinangan: *Nagkaroon ng pagkakahating kultural ang elit at masa. Kadalasa'y naghahari ang elit sa pagpapasya kung ano ang sosyal/class/in/japorms at kung ano ang baduy/bakya/basura/wa-class/jologs sa kulturang popular. Pinapalaganap din ang kultura sa media na makapagsisilbi ng kanilang mga ekonomik na interes.*

Diktadurya: *Noong ika-23 ng Setyembre, 1972, lumabas ang Pang. Ferdinand E. Marcos sa telebisyon upang ipahayag na isinailalim na niya ang bansa sa Pampanguluhang Proklamasyon 1081 (Deklarasyon ng Batas Militar) dalawang araw na ang nakakalipas. Ito ay kanyang ginawa upang "iligtas" ang republika mula sa diumano'y lumalaking rebelyong Komunista at "baguhin" ang lipunan mula sa mahinang sistema ng pulitika at kahirapan. Tinawag niya itong Constitutional Authoritarianism.*

Kalayaan: *Sa mga unang panahon ng Batas Militar, tila nagkaroon na nga ng "Bagong Lipunan"—nagkaroon ng katahimikan sa lansangan tuwing gabi dahil sa curfew, liban pa sa maraming mga imprastraktura ang naipatayo—mga kalsada, mga tulay at mga paaralan—na sadyang kailangan ng mga mamamayan. Subalit sa kabilang banda, sinupil ang mga kalayaang sibil sa pamamahayag at pinatay ang diwa ng demokrasya. Ipinasarado ang Kongreso at ang mga batas ay nilikha ni Marcos sa pamamagitan ng kanyang mga Letters of Instructions (LOI) at Presidential Decrees (PD).*

Sa dyaryo, radyo at telebisyon, puro mga magagandang balita ng mga programa ng pamahalaan ang mababasa. Lumalakas ang papel ng mga militar sa pulitika, humawak sila ng mga posisyong sibil sa pamahalaan at lumaki ang kanilang hanay (mula 55,000 kawal noong 1972 hanggang 250,000 noong 1984), at ang kanilang badyet (Mula Php 608 Milyon noong 1972 hanggang US$ 8.8 Bilyon noong 1984. Sa paglakas ng kanilang kapangyarihan, napuno ang mga kampo militar tulad ng Camp Aguinaldo, Fort Bonifacio,Camp Crame at gayundin sa Bicutan ng mga bilanggong pulitikal na nagmumula sa hanay ng mga lumalaban sa diktadurya. Iba't ibang paglabag sa karapatang pantao ang naitala,sikolohikal at sekswal na abuso, pangunguryente, pagtayo ng San Juanico Bridge, pag-iniksyon ng truth serum, pananakot sa Russian Roulette, pambubugbog, pagpapainom ng galong-galong tubig, pananakal, pagpaso ng sigarilyo, makahayup na pagmaltrato at iba pang di makatarungang gawain. Iba-iba rin ang tala sa bilang ng mga biktima. Iba't ibang organisasyon rin ang nagtala ng bilang ng mga biktima. Ayon sa Task Force Detainees of the Philippines, mula 1965-1986: 2,668 mga pag-aresto, 398 na pagkawala, 1,338 kaso ng pagpatay, 128 na tangkang pagpatay, at 1,499 na namatay at nasugatan sa mga masaker. Ayon naman sa estimate ng pandaigdigang samahan ng Karapatang Pantao, ang Amnesty International: 70,000 ang ikinulong, 34,000 ang dumanas ng pagpapahirap, at 3,240 ang pinatay.

Kaginhawaan: *Sa pagdeklara ng Batas Militar, hindi lamang mga kalaban ni Marcos sa pulitika ang ipinabilanggo, maging ang ilang bahagi ng lumang oligarkiya. Ipinakulong si Eugenio Lopez, Jr. sa salang tangkang pagpatay kay Marcos at kinuha ang mga malalaking kumpanya ng Meralco, ABS-CBN at Manila Chronicle. Sa pagbuwag sa lumang oligarkiya, binuo ni Marcos ang isang bagong kaayusang elit na kinabibilangan ng kanyang mga kapamilya, mga kalaro sa golf, mga dating kaklase, mga brod sa fraternity at mga tagasuporta. Ang negosyo ng mga cronies, kung sila ay tawagin, ay pinaboran ng pamahalaan. Hanggang 1976, tila gumanda ang ekonomiya. Ipinasok sa pamahalaan ang mga hindi-pulitikong technocrat tulad nina Paterno, Sicat at Virata. Tumaas pa ang gross national product at nagkaroon ng surplus ang bansa sa pagtaas ng kita ng mga pag-aangkat na produkto tulad ng asukal at niyog. Subalit nang magkaroon ng digmaan sa Kanlurang Asya, at magtaas ang presyo ng langis, naapektuhan ang ekonomiya at nagdusa ang sambayanan. Lumobo ang panlabas na utang na umabot sa US$ 10 Bilyon noong 1980. Hindi naglaon nagbabayad na tayo ng ating mga panlabas na utang sa pamamagitan ng pag-utang na naman. Isa sa pinakamalaking inutang ng pamahalaan ay ang pagtustos sa Bataan Nuclear Power Plant na kahit minsan ay hindi nagamit at ngayo'y kasama na sa nabubulok na pasilidad na patuloy pa nating binabayaran hanggang sa ngayon. Sinasabing dinambong ng mga Marcos ang kaban ng bayan. Sa ulat ng pamahalaang Pilipino noong 1986, sinasabing nakumpirma na US$ 860 Milyong ang nakuha ng mga Marcos mula 1965, at tinatayang US$ 5-10 Bilyon ang kabuuang halaga ng kanilang dinambong. Ito ang nagbunsod sa Guinness Book of World Records na tanghalin si Marcos bilang pinakamalaking magnanakaw. Bagama't iba't ibang kaso ng katiwalian at pandarambong ang nalusutan ng balo niyang si Imelda, makikita sa maraming pagkakataon ang karangyaan ng pamumuhay ng Unang Pamilya sa kanilang mga piging, mararangyang handaan, iba't ibang mga malalaking ari-arian, at ang libo-libong sapatos sa dating Unang Ginang Imelda Marcos. Ito ay sa kabila ng kawalan ng disenteng tahanan at makakain ng maraming Pilipino.*

Kalinangan: *Sa aming interbyu sa dating Unang Ginang Imelda Romualdez Marcos, kanyang sinabi na sa kanyang pagiging Ina ng Bayan, siya ang mangangasiwa ng tahanan, "What makes a home? Love. What is love when made real? Beauty." At ang Katotohanan, Kabaitan, at Kagandahan ay makikita sa kultura ng ating bansa. Kaya naman, noong 1969, pinasinayaan niya ang Sentrong Pangkultura ng Pilipinas (CCP) upang maging tanghalan ng sining at kultura. Ito ang pinakauna sa mga malahiganteng edipisyong kanyang ipinatayo—Edifice Complex. Sa kabila ng sinasabing pagiging tahanan nito ng sining Pilipino, ang karamihan ng masang Pilipino ay walang kakayahang makapasok, liban pa sa katotohanang ang mga palabas dito ay sa panlasa lamang ng elit. Ginamit din ang kalinangan at kasaysayan sa pagbibigay ng lehitimisasyon ng diktadurya sa mga kababayan at sa daigdig. Naidaos ang Miss Universe Pageant at ang Thrilla in Manila ng mga boksingerong sina Muhammad Ali at Joe Frazier sa bansa. Ipinakita naman ang malahikang parada ng Kasaysayan ng Lahi, at ng multi-bolyum na Tadhana: History of the Filipino People na ang kaganapan ng buong kasaysayan ng Pilipinas ay ang pamumuno ng mag-asawang diktador. Hanggang sa ngayon, patuloy na ipinapakita ni Imelda na silang mag-asawa ang tumatayo bilang katauhan nina Malakas at Maganda, ang mitikal na unang lalaki at babae sa Pilipinas. Ipinalaganap rin ang mga makabayang awit tulad ng Bagong Silang (Felipe de Leon), Ako ay Pilipino (George Canseco) at ipinabigkas sa mga bata ang Panatang Makabayan. Sa huli, maging ang pelikulang bomba ay ipinalaganap at ipinalabas sa Manila Film Center upang bigyan ng "escape" ang mga tao sa problema ng bayan. Sa kabila ng kulturang ipinalaganap ng estado, maraming mga makabayang artista ang nagpapakita ng mapait na kalagayan ng bansa. Sinasalamin ng mga militanteng awitin ang umiiral sa panahong yaon tulad ng Inang Laya at ng mga makabayang mandudula at direktor tulad nina Behn Cervantes at Lino Brocka ang katotohanan sa likod ng mapanlinlang na mukha ng diktadurya. Ang mga grupo ng Pinoy Rock tulad ng Juan dela Cruz Band, na sumalamin sa kaguluhang bumabagabag sa kabataan sa kabila ng kaayusan ng diktadurya. Maging sa OPM (Original Pinoy Music) na itinaguyod ng diktadurya upang ikubli ang kapangitan ng buhay sa bansa, lumitaw ang mga awitin tulad ng Apo Hiking Society at awitin ni Freddie Aguilar na naging boses ng protesta. Naging malaki ang papel ng alternatibong kulturang bayan sa pagpapanatiling buhay ng kamalayan ng kalayaan.*

I. Gawain Bilang 2*: PANANAW KO! Posisyong Papel*

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang;

- Naiisa-isa ang mga bunga ng lokal na elitismo at diktadurya sa pagsulong ng kamalayang Pilipino
- Nakasusuri sa mga bunga ng lokal na elitismo at diktadurya sa pagsulong ng kamalayang Pilipino

III. Kagamitang Kailangan: Artikulo, Posisyong papel

IV. Panuto: Pumili ng isang artikulo upang gawan ng posisyong papel. Suriin ito batay sa mga mga sumusunod na pamantayan;

- Malinaw na naipahahayag ang sariling paninindigan ukol sa isyu
- kaglalahad ng mga katibayan at datos upang suportahan ang paninindigan
- Pagsusuri at Lohika ng Argumento
- Pagkilala sa kabaliktarang panig
- Teknikalidad sa pagsusulat

A. 5 ways Philippine dynasties are able to stay in power
   Sanggunian:
   https://pcij.org/2024/10/27/5-ways-philippine-dynasties-are-able-to-stay-in-power/

B. 8 in every 10 district reps belong to dynasties. More than half are reelectionists in 2025
   Sanggunian:
   https://pcij.org/2024/10/26/lower-house-district-representatives-political-dynasties-reelection/

C. Meet the 'obese' political dynasties of the Philippines
   Sanggunian:
   https://pcij.org/2024/10/25/fat-political-dynasties-philippines-elections/

D. The Philippines: Rivalries Between Local Elite in The Philippines Fuel Violence
   Sanggunian:
   https://reliefweb.int/report/philippines/philippines-rivalries-between-local-elite-philippines-fuel-violence

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	Aralin 5 (Ikawalo at Ikasiyam na Linggo)	**Petsa:**	
Nilalaman:	Kahalagahan ng Pagsulong ng Kamalayang Pilipino		
Pangalan:		**Baitang:**	11


I. Gawain Bilang 3: *Hagdan ng Kamalayan*

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang;

- Nakatataya sa kahalagahan ng pagsulong ng kamalayang Pilipino sa pamamagitan ng pakikiangkop sa mga bunga ng "local elitism" at diktadurya sa lipunang Pilipino

III. Kagamitang Kailangan: Hagdan ng Kamalayan organizer

IV. Panuto: Gamit ang **"Hagdan ng Kamalayan"** ilahad ang iyong suhestiyon sa pagsulong sa kamalayang Pilipino. Gawin ito sa pamamagitan ng pag-kumpleto nga mga detalye na hinihingi sa bawat baitang na makikita sa "hagdan ng kamalayan". Pumili ng isang sitwasyon o kalagayan sa iyong lipunan na nangangailangan ng tugon o pansin. Sa **unang hagdan**, magbigay ng maikling pagsusuri sa sitwasyon, banggitin din dito ang kaugnayan ng sitwasyon sa temang napili sa sitwasyon na inilahad. Sa **ikalawang hagdan,** ilahad ang iyong pangkalahatang adhikain o *"vision"* sa sitwasyon o kalagayan, ibahagi sa baitang na ito ang iyong inaasahan ukol sa sitwasyon na iyong inilahad. Sa **ikatlong hagdan** naman, isusulat mo ang iyong mga layunin kung paano mo maisasakatuparan ang iyong adhikain upang makatugon sa paghubog sa kamalayang Pilipino. Sa **panghuli at ikaapat na hagdan,** itala ang mga mungkahing gawain na naka-angkla sa iyong mga layunin na nabanggit sa ikatlong hagdan na makakatulong sa paghubog sa kamalayang Pilipino



GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	Aralin 6 (Ikasampung Linggo)	**Petsa:**	
Nilalaman:	Kasalukuyang Anyo ng Pakikibaka at Pakikiangkop Layunin		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain 1: *Bakit Mahalaga ang Aking Karanasan*


II. Layunin:

1. Naibabahagi ang sariling karanasan ng pakikibaka o pakikiangkop sa isang sitwasyong kinakaharap;
2. Nakikilala ang mga karaniwang elemento sa personal at kolektibong karanasan ng mga tao sa gitna ng mga hamon sa lipunan; at
3. Naiuugnay ang sariling karanasan sa mas malawak na konteksto ng karanasan ng iba sa lipunan gamit ang malikhaing paraan (hal. sanaysay, talumpati, o pagtatanghal).

III. Kagamitan: Panulat at Papel, Kompyuter o Tablet, Mga Larawan o Visual Aids, Audio/Video Recorder, Presentation Materials – Poster board, charts, o props kung gagamitin sa malikhaing pagtatanghal.

IV. Panuto:

1. *Isulat ang isang personal na karanasan tungkol sa pakikibaka o pakikiangkop, gaya ng pandemya, pag-aaral, o problema sa pamilya.*
2. *Sagutin ang tanong:* "Paano ako natulungan ng karanasang ito upang mas maunawaan ang aking sarili at ang ibang tao?" *gamit ang isang concept map.*
3. *Gumawa ng maikling sanaysay (5–7 pangungusap) ibatay ito sa iyong concept map at ibahagi sa klase kung ikaw ay handa*



Pamprosesong Tanong:

1. *Batay sa mga ibinahagi, ano ang sitwasyon na maaaring may kaugnayan sa karanasan mo na nagbigay sa iyo ng isang malaking hamon? Paano mo ito nalampasan?Ano ano ang pagkakatulad ng karanasan mo sa kwento ng iba, at ano naman ang natutunan mo mula sa pagkakaibang iyon?*
2. *Ano naman ang pagkakatulad ng karanasan mo sa kwento ng iba, at mula rito ano ang natutunan mo sa pagkakaibang iyon?*
3. *Paano mo magagamit ang iyong malikhaing talento upang ipahayag ang koneksyon ng iyong karanasan sa karanasan ng ibang Pilipino?*

I. Gawain 2: *Ganito Kami sa Kahirapan o Kalamidad, Eh Kayo?*

II/III. Layunin/Kagamitan: *Refer to Gawain 1*

IV. Panuto:

Ipakita ang kwento ng isang barangay na nasalanta ng bagyo, kung paanong nagtutulungan ang mga mamamayan upang makabangon.

Paliwanag ng Guro: *"Hindi lang tayo ang may pinagdadaanan. Kapag nakikita natin ang karanasan ng iba, mas lumalawak ang ating pang-unawa at nadarama natin ang pagkakaugnay-ugnay ng ating mga buhay."*

Pamprosesong Tanong:

1. *Paano nakakaapekto sa iyong ugali o pananaw ang isang karanasan mo noong pandemya? Ano ang natutunan mo mula rito?*
2. *May mga sitwasyon ka bang naranasan na kailangan ninyong magtulungan bilang isang pamilya o bilang isang komunidad upang malampasan ito?Ano ang aral na ibinigay nito sa iyo?*
3. *Kung bibigyan ka ng pagkakataong gamitin ang sining (tula, sanaysay, o poster) upang ikuwento ang iyong karanasan, anong isyu o karanasan ang pipiliin mong ibahagi, at bakit?*

I. Gawain 3: *Paglinang sa Kabihasaan*

II/III. Layunin/Kagamitan: *Refer to Gawain 1*

IV. Panuto:

1. *Ipagawa sa mga mag-aaral ang isang maikling journal entry o vlog script tungkol sa isang hamong naranasan nila (hal. kahirapan sa pag-aaral, pagbabago sa pamilya, o emosyonal na hamon) at kung paano nila ito hinarap.*
2. *Gabayan ng guro ang klase: Magbigay ng mga tanong-gabay tulad ng: "Ano ang iyong naramdaman noon? Ano ang ginawa mo upang makayanan ito?"*

Pamprosesong Tanong

1. *Paano mo nalampasan ang isang mahirap na karanasan, at ano ang natutunan mo tungkol sa iyong sarili mula rito?*
2. *Anong bahagi ng karanasan ng ibang tao ang nakapag-ugnay sa karanasan mo, at paano ito nagbago sa iyong pag-unawa sa mga hamon sa lipunan?*

Sa pamamagitan ng iyong malikhaing gawa, anong damdamin o mensahe ang nais mong iparating sa iba tungkol sa karanasang iyong ibinahagi.


I. Gawain 3: *Ugnayang Personal at Panlipunan*

II/III. Layunin/Kagamitan: *Refer to Gawain 1*

IV. Panuto:

Balikan ang isang personal na karanasan na may kaugnayan sa isang suliraning panlipunan.

- *Magpakita ng halimbawa ng concept map.*



Pamprosesong Tanong:

1. *Paano nakakatulong ang pagbabalik-tanaw sa iyong personal na karanasan upang mas maunawaan mo ang iyong sarili at ang iyong kakayahang harapin ang hamon?*
2. *Ano ang iyong napagtanto matapos marinig ang mga kwento ng iyong mga kamag-aral? Paano mo, napalalim ang iyong pang-unawa sa karaniwang karanasan ng mga Pilipino sa gitna ng mga hamon?*
3. *Sa paggawa mo ng concept map, anong koneksyon ang nakita mo sa pagitan ng iyong karanasan at ng mas malawak na suliraning panlipunan? Ano ang natutunan mo rito?*

I. Gawain 3: *Pagtataya*

II/III. Layunin/Kagamitan: *Refer to Gawain 1*

IV. Panuto: *Isulat ang titik ng tamang sagot sa kanilang sagutang papel.*

1. *Alin sa sumusunod ang isang kolektibong hakbang ng mamamayan laban sa opresyon?*
   a. Pagtatago ng saloobin
   *b. **Pagtutulungan sa komunidad***
   c. Pag-alis sa bansa
   d. Pagsuway sa batas
2. *Ano ang karaniwang layunin ng paninindigan sa gitna ng opresyon?*
   a. Manatili sa katahimikan
   b. Magtagumpay sa negosyo
   *c. **Magkaroon ng pagbabago***
   d. Magpatawa
3. *Ang salitang "pakikibaka" ay maaaring maiugnay sa:*
   a. Pagtitiis ng tahimik
   *b. **Aktibong paglaban sa hindi makatarungan***
   c. Pagpapasensya sa problema
   d. Pagkalimot sa suliranin
4. *Alin ang HINDI isang anyo ng opresyon?*
   a. Diskriminasyon
   b. Kahirapan
   *c. **Pagkakapantay-pantay***
   d. Karahasan
5. *Kapag ang isang manggagawa ay hindi binigyan ng benepisyo, ito ay isang halimbawa ng:*
   a. Karapatan
   b. Pagkakataon
   *c. **Opresyon***
   d. Pangangalaga
6. *Ano ang tumutukoy sa karanasang kolektibo ng mga mamamayan?*
   a. Karanasan ng isang tao sa tahanan
   *b. **Karanasan ng pamayanan sa sakuna***
   c. Laro ng bata sa eskwela
   d. Bakasyon ng pamilya
7. *Ano ang pangunahing layunin ng sanaysay, talumpati, o pagtatanghal ukol sa isyung panlipunan?*
   a. Manlibang
   *b**. Mag-udyok ng pag-unawa at aksyon***
   c. Magpakilala ng artista
   d. Magsagawa ng komersyo
8. *Paano naipapakita ng kabataan ang kanilang paninindigan sa lipunan?*
   a. Paminsang pakikialam
   *b. **Aktibong pakikilahok sa mga adbokasiya***
   c. Pagtulog sa bahay
   d. Pagkakampanya sa artista
9. *Ano ang nag-uugnay sa personal na karanasan sa panlipunang isyu?*
   a. Pera
   b. Paglalakbay
   *c. **Empatiya at pagkakaunawa***
   d. Katahimikan
10. *Ang pagbabahagi ng sariling kuwento ng pakikibaka ay nakatutulong upang:*
    a. Magtago ng damdamin
    b. Magpatawa
    *c. **Magbigay-inspirasyon at aral sa iba***
    d. Umiwas sa problema

V. Sintesis:

Sa araling ito, natutunan ko na ang **pakikibaka at pakikiangkop** ay bahagi ng buhay ng bawat tao, lalo na sa harap ng iba't ibang hamon sa lipunan. Nakita ko na ang mga personal na karanasan ko, tulad ng pagiging maingat sa paaralan o pagtulong sa pamilya sa panahon ng pandemya, ay may parehong elemento sa karanasan ng ibang tao sa komunidad, tulad ng pagtutulungan sa barangay sa oras ng kalamidad.

Sa paggawa ng **concept map**, naiuugnay ko ang aking sariling karanasan sa mas malawak na konteksto. Halimbawa, ang pakikipagkaibigan at pagtulong sa kaklase kapag sila ay nahihirapan ay kahalintulad ng pagtutulungan ng mga mamamayan sa barangay kapag may sakuna. Ang mga malikhaing paraan tulad ng sanaysay o pagtatanghal ay nakatulong upang maipahayag ko ang koneksyon ng aking karanasan sa karanasan ng iba, at napagtanto ko ang kahalagahan ng **empathy at pagkakaisa** sa lipunan.

Sa kabuuan, ang araling ito ay nagturo sa akin na ang mga hamon sa personal at kolektibong karanasan ay nagbibigay ng oportunidad upang mas maunawaan ko ang aking sarili, pati na rin ang mga tao sa paligid ko. Napagtanto ko na ang pagbabahagi ng sariling karanasan ay hindi lamang nakakatulong sa akin kundi nagbibigay inspirasyon at aral sa iba.